Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG HUNYO 21,2019 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL.

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member-O.B. |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member-O.B. |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 19-06-065

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NI SIR JEFFREY MACATOL, ISANG GURO NG CAMBUNANG ELEMENTARY SCHOOL**

"**SAPAGKAT,** isang matinding karamdaman ang kumitil sa buhay ni Sir *Jeffrey Macatol, isang guro sa Cambunang Elementary School at isang ama ng* tahanan;

"**SAPAGKAT,** ang maagang pagpanaw ni Sir Jeffrey ay isang malaking kawalan sa kanyang pamilya at sa mag-aaral ng Cambunang Elementary School na kanyang pinagsilbihan ng mahabang panahon at pinaglaanan ng panahon, talino at kakayahan sa pag-asang ito ang magsilbing inspirasyon sa mga bata upang tulad niya ay magsumikap abutin ang pangarap na magkaroon ng magandang buhay sa pamamagitan ng pagtatapos ng pag-aaral;

"**SAPAGKAT,** bilang isang asawa at ama, hindi man tahasang makikita sa kanya ang kongkretong pagsasalarawan nito subalit, sa kaibuturan ng kanyang puso at isipan ay mananatili ang masidhing damdamin ng pagmamahal at pagmamalasakit at nariyan ang pagnanasang maipadama ito, ngunit dala ng ilang suliranin ay naitago ito hanggang sa huli na siya ay binawian na ng buhay;

"**SAPAGKAT,** ang pagpanaw ng isang minamahal tulad ni Sir Jeffrey ay nagdulot ng isang masidhing kalungkutan at pighati sa kanyang pamilya, kamag-anak at kaibigan at nawa'y ang kanyang pagyao ay mag-iwan ng isang magandang alaala ng kanyang kabutihan sa kabila ng kanyang pagkukulang at kapintasan dala ng kanyang pagiging tao lamang;

Scanned with CamScanner

"**SAPAGKAT,** masakit ang mawalan ng kapamilya subalit, nakagagaan isipin na siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng Diyos na siyang Maylikha ng lahat; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa mga naulila ni Sir Jeffrey Macatol, isang guro ng Cambunang Elementary School

**SA MUNGKAHI** ni SB Member German S. Acosta na pinangalawahan ni SB Member Elpidio N. Contreras, Jr., ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY**": Hunyo 21,2019, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x-------------------------------------------------------------------------x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG.TULAY M. CARING**
IP's Mandatory Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 6-21-19

190621/bms

Scanned with CamScanner